# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan ______________________________ Petsa ________________ Marka ___ / 30

## Pagpili ng tamang panghalip na pamatlig

A. *Panuto:* Isulat sa patlang ang panghalip na pamatlig na *ito*, *nito*, *dito* o *rito* na maaaring gamitin panghalili sa pariralang may salungguhit.

__________ 1. Sa ibabaw ng mesa ko iniwan ang diksiyonaryo.

__________ 2. Binisita nila ako sa ospital.

__________ 3. Ginagamit ko ang kompyuter ni Rica.

__________ 4. Saan mo inilagay ang sintas ng sapatos ko?

__________ 5. Bawal po manigarilyo sa loob ng sinehan.

__________ 6. Malinis at maayos na ang tulugan ng aso.

__________ 7. Kasama niya si Joel at Ruben sa Rizal Park.

__________ 8. Ang singsing ay regalo sa akin ng aking lola.

__________ 9. Tungkulin ng mabuting mamamayan ang magbayad ng buwis.

__________ 10. Sino ang magmamaneho ng bagong sasakyan?

B. *Panuto:* Isulat sa patlang ang panghalip na pamatlig na *iyan*, *niyan*, *diyan* o *riyan* na maaaring gamitin panghalili sa pariralang may salungguhit.

__________ 1. Magkano ang isang kilo ng bigas?

__________ 2. Nabili ko ang mga gamit ng mga bata sa Divisoria.

__________ 3. Ang aklat mo ang ginamit ko kanina.

__________ 4. Nakasampay sa bakuran ang mga kumot.

__________ 5. Maganda ang tela ng damit na napili mo.

__________ 6. Naglinis sa kusina si Ate Marian.

__________ 7. Natanggal ang butones ng uniporme ko sa eskuwela.

__________ 8. Kinopya ko ang nakasulat sa pisara.

__________ 9. Ang mga bata ay naghanda ng regalo para sa kanilang guro.

__________ 10. Inilipat namin sa garahe ang mga lumang kagamitan.

C. *Panuto:* Isulat sa patlang ang panghalip na pamatlig na *iyon*, *niyon*, *doon* o *roon* na maaaring gamitin panghalili sa pariralang may salungguhit.

_____________ 1. Kailangan palitan na ang ilaw sa silid ni Michael.

_____________ 2. Mag-eensayo daw tayo ng sayaw sa loob ng himnasyo.

_____________ 3. Ang unang kabanata ng Noli Me Tangere ang tatalakayin natin.

_____________ 4. Sa harap ng Simbahan ng Quiapo kami magkikita bukas nang alas diyes.

_____________ 5. Mahilig siya magbasa ng mga aklat na gawa ni Rick Riordan.

_____________ 6. Ang mangga mula sa Pilipinas ang paborito kong prutas.

_____________ 7. Sa Folk Arts Theater itatanghal ang konsiyerto.

_____________ 8. Si J.K. Rowling ang nagsulat ng serye na Harry Potter?

_____________ 9. Iba't-ibang gulay ang itinatanim at inaani sa Lambak ng La Trinidad.

_____________ 10. Ang mga gagawin sa Foundation Day ang pag-uusapan natin sa pulong.